COUNTY NG SONOMA
REGISTRAR NG MGA BOTANTE

PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN
NOBYEMBRE 2021

County of Sonoma
Registrar of Voters
435 Fiscal Drive
Santa Rosa, CA 95403
(707) 565-6800
(800) 750-8683
rov-info@sonoma-county.org
sonomacounty.ca.gov/vote

Mga Nilalaman

SEKSYON 1: PLANO NG PAGBIBIGAY NG KAALAMAN AT PAG-ABOT SA BOTANTE.....3
I. PANGKALAHATANG-IDEYA.....3
II. PAG-ABOT SA BOTANTE AT KOMUNIDAD.....4
III. MGA SERBISYO SA BOTANTE.....8
1. Pagtukoy ng Mga Minority na Botanteng Nagsasalita ng Ibang Wika §4005(a)(10)(I)(i)(V).....8
2. Komite sa Pagpapayo sa Accessibility ng Wika.....8
3. Mga Workshop sa Pagbibigay ng Kaalaman.....8
4. Media/Advertising.....9
5. Mga Materyal sa Mga Alternatibong Wika.....9
6. Bilingual na Tulong sa Mga Sentro ng Pagboto.....10
1. Komite sa Pagpapayo sa Accessibility ng Pagboto.....11
2. Mga Workshop sa Pagbibigay ng Kaalaman.....11
3. Media/Advertising.....12
4. Mga Materyal sa Mga Alternatibong Format.....13
5. Remote na Naa-access na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (RAVBM).....13
6. Accessibility ng Sentro ng Pagboto.....14
7. Mga Opsyon sa Pagkuha ng Balota.....15
8. Mga Emergency na Balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo.....15
IV. PAGTUGON SA KAWALAN NG PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA PAGLAHOK.....16
V. BADYET.....18
SEKSYON 2: PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN.....19
I. PANGKALAHATANG-IDEYA.....19
II. MGA AKTIBIDAD BAGO ANG HALALAN.....19
1. CRA-IT.....20
2. Survey sa Karanasan sa Modelo ng VCA.....20
III. MGA AKTIBIDAD AT SUPORTA SA HALALAN.....24
1. Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County.....24
2. Packet para sa Balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo.....24
3. Mga Postcard ng Botante.....24
4. Website ng ROV.....25
1. Pagboto sa pamamagitan ng Koreo.....25
2. Naa-access na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo.....26
3. Mga Sentro ng Pagboto.....27
4. Mga Drop Box para sa Balota.....30
IV. MGA AKTIBIDAD PAGKATAPOS NG HALALAN – Maaaring mag-obserba ang publiko sa anumang proseso ng halalan.....30

SEKSYON 1: PLANO NG PAGBIBIGAY NG KAALAMAN AT PAG-ABOT SA BOTANTE

I. PANGKALAHATANG-IDEYA

Iniaatas ng Batas sa Pagpili ng Botante (Voter's Choice Act, VCA) ng California sa County na bumuo ng Plano ng Pagbibigay ng Kaalaman at Pag-abot sa Botante na nagbibigay ng kalinawan at nagpapabatid sa mga botante tungkol sa lahat ng aspeto ng Batas sa Pagpili ng Botante (VCA). Kabilang dito ang mga serbisyo at impormasyong makukuha sa mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop Box para sa Balota, at impormasyong partikular sa mga botanteng may mga kapansanan at minoryang botante na nagsasalita ng ibang wika.

Magsasagawa ng mga pampublikong pulong kasama ng mga organisasyon at indibidwal sa komunidad na nagsusulong sa ngalan ng, o nagbibigay ng mga serbisyo sa, mga minoryang komunidad na may kapansanan at nagsasalita ng ibang wika. Magsasagawa ang Registrar ng Mga Botante (Registrar of Voters, ROV) ng County ng Sonoma ng maraming pampublikong workshop sa pagbibigay ng kaalaman. Gagawing virtual ang lahat ng pampublikong event na iho-host ng County dahil sa patuloy na banta ng pandemyang COVID-19, at gagawin itong naa-access alinsunod sa Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA). Gagawin ang nilalaman at pagmemensahe ng mga event nang may input mula sa Komite sa Pagpapayo sa Accessibility ng Wika (Language Accessibility Advisory Committee, LAAC) at Komite sa Pagpapayo sa Accessibility ng Pagboto (Voting Accessibility Advisory Committee, VAAC).

Pagtutuunan ng planong ito ang mga layunin sa pag-abot ng ROV na maihandang gamitin ang modelo sa pagboto sa ilalim ng VCA para sa mga naaangkop na espesyal na halalan sa 2021, at sa hinaharap. Maglalathala ng listahan ng mga paparating na event sa website ng ROV. Para sa mga karagdagang event, ideya para sa mga oportunidad sa pakikipag-ugnayan, o rekomendasyon upang mapahusay ang Plano sa Pangangasiwa ng Halalan na ito, mangyaring mag-email sa rov-info@sonoma-county.org. Isusumite ang planong ito sa opisina ng Kalihim ng Estado para sa pagsusuri at panghuling pag-apruba. Gayunpaman, tatanggapin anumang oras ang feedback tungkol sa planong ito at sa mga pagsisikap ng ROV sa hinaharap.

II. PAG-ABOT SA BOTANTE AT KOMUNIDAD

A. Pagmemensahe sa 2022

Itinakda ng ROV ang mga sumusunod na punto sa pagmemensahe na makikita sa lahat ng materyal sa pag-abot at pagbibigay ng kaalaman:

Mga Espesyal na Halalan sa 2022 (Pag-uusapan pa ang (mga) petsa)

- Bumoto nang maaga upang maiwasan ang mga pagpila
- Bayad na ngayon ang selyo sa mga sobre sa pagbabalik ng balota para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo
- Mag-sign up upang subaybayan ang iyong balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov
- Hanapin ang listahan ng mga lugar ng botohan, at ang mga petsa at oras ng pagboto, gayundin ang mga drop box para sa balota sa aming website sa sonomacounty.ca.gov/vote
- Tingnan ang status ng iyong pagpaparehistro
- Gamitin ang naa-access na online na Patnubay na Impormasyon para sa Botante (Voter Information Guide, VIG) upang suriin ang iyong mga materyal at sangguniang balota.

Pangunahing Halalan para sa Gobernador sa Hunyo 7, 2022:

- Bumoto nang maaga upang maiwasan ang mga pagpila
- Bayad na ngayon ang selyo sa mga sobre sa pagbabalik ng balota para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo
- Inilipat sa Hunyo ang Pangunahing Halalan para sa Gobernador sa 2022
- Mag-sign up upang subaybayan ang iyong balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov
- Hanapin ang listahan ng mga lugar ng botohan, at ang mga petsa at oras ng pagboto, gayundin ang mga drop box para sa balota sa aming website sa sonomacounty.ca.gov/vote
- Tingnan ang status ng iyong pagpaparehistro
- Gamitin ang naa-access na online na Patnubay na Impormasyon para sa Botante (VIG) upang suriin ang iyong mga materyal at sangguniang balota.

Pinag-isang Halalan sa Nobyembre 8, 2022:

- Bumoto nang maaga upang maiwasan ang mga pagpila
- Bayad na ngayon ang selyo sa mga sobre sa pagbabalik ng balota para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo
- Mag-sign up upang subaybayan ang iyong balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov

- Hanapin ang listahan ng mga lugar ng botohan, at ang mga petsa at oras ng pagboto, gayundin ang mga drop box para sa balota sa aming website sa sonomacounty.ca.gov/vote
- Tingnan ang status ng iyong pagpaparehistro
- Gamitin ang naa-access na Patnubay na Impormasyon para sa Botante (VIG) upang suriin ang iyong mga materyal at sangguniang balota

Ipapamahagi ang mga puntong ito sa pamamagitan ng social media, mga partner, sa aming komunikasyon sa publiko, at sa aming mga flyer at handout sa pagbibigay ng impormasyon. Patuloy na magsisikap ang ROV upang tiyakin na alam ng publiko ang tungkol sa kung paano magpaparehistro upang makaboto at makalahok sa mga paparating na halalan, at ang tungkol sa mga serbisyong makukuha sa mga lokasyon ng Drop Box para sa Balota at Sentro ng Pagboto.

Pagpapasyahan ng ROV ang pagbibigay ng karagdagang mensahe pagkatapos ng pagsusuri sa mga tanong at tawag ng botante, mga pulong sa komunidad, at mga resulta ng Survey sa Karanasan sa Sentro ng Pagboto pagkatapos maisagawa ang unang halalan sa ilalim ng VCA.

Sisikapin ng ROV sa pakikipagtulungan sa mga organisasyon sa komunidad, ahensya ng pamahalaan, paaralan at iba pang grupo na makapagbigay ng kaalaman tungkol sa modelo ng Sentro ng Pagboto. Isasama ito sa malawakang kampanya sa media gamit ang mga direktang pagpapadala sa mail, news media, radyo, social media, pampublikong access, at mga anunsyong serbisyo sa publiko (public service announcement, PSA). Isasagawa sa kampanya ang pagpo-promote sa toll-free na hotline ng tulong sa botante, pagpapabatid sa mga botanteng may mga kapansanan kung paano makukuha ang kanilang balota sa naa-access na format, at pagbibigay ng mga multilingual na serbisyo sa mga minoryang botante na nagsasalita ng ibang wika.

Makikipagtulungan ang ROV sa mga organisasyon sa komunidad upang dumalo sa mga event sa komunidad at magbigay sa mga botante ng mga oportunidad sa kaalaman at pakikipag-ugnayan.

Makikita sa Appendix F ang pangkalahatang timeline para sa Plano ng Pagkilos sa Pakikipag-ugnayan ng ROV.

B. Mga Partner sa Komunidad

Magbibigay ang ROV sa mga partner sa komunidad ng impormasyon tungkol sa Sentro ng Pagboto upang makatulong sa pag-abot sa botante. Ang ROV ay dadalo sa mga event sa komunidad, gagawa ng mga presentation para sa mga organisasyon, at magsasanay ng mga interesadong indibidwal at grupo upang tumulong sa pagbibigay ng kaalaman at pag-abot. Makikita sa Appendix A ang isang listahan ng mga partner sa komunidad.

May iba't ibang paraan para makatulong ang mga partner sa komunidad at pangkalahatang publiko gaya ng:

- Pagbabahagi sa social media ng tumpak at hindi partidistang impormasyon sa halalan
- Pagpo-post ng impormasyon sa halalan at mga link mula sa aming website na sonomacounty.ca.gov/vote sa newsletter o website ng komunidad
- Pagpapaskil ng mga flyer at handout sa mga opisina o lugar kung saan madalas naroon ang mga tao
- Pagtulong sa pamamahagi ng impormasyon, mga materyal at brochure, kabilang ang mga punto ng mensahe na partikular sa halalan
- Paglahok sa mga virtual na event sa pag-abot sa komunidad. Paglahok sa mga pulong para sa pagpapayo tungkol sa pagmemensahe, mga alalahanin o karaniwang tanong mula sa publiko
- Pag-imbita ng kinatawan ng halalan mula sa ROV upang talakayin ang hindi partidistang impormasyon sa halalan sa mga kliyente, customer, miyembro, o residente.

Gagawa ng online na toolkit at mada-download ito sa website ng ROV sa sonomacounty.ca.gov/vote. Magsasama sa toolkit na ito ng mga graphic, flyer, brochure, at presentation ng VCA. Maaaring magbigay ng mga naka-print na materyal sa isang grupo o organisasyon nang libre. Mangyaring makipag-ugnayan sa rov-info@sonoma-county.org para sa higit pang detalye.

C. Mga Mataas na Paaralan at Mas Mataas na Edukasyon

Magsasagawa ng pag-abot ang ROV sa mga lokal na mataas na paaralan kapag hiniling ito, upang bigyan ng kaalaman ang mga mag-aaral tungkol sa proseso ng halalan. Patuloy na makikipagtulungan ang ROV sa mga lokal na kolehiyo sa buong County upang magbigay ng impormasyon at mga mapagkukunan tungkol sa proseso ng halalan, modelo ng Sentro ng Pagboto, at mga paparating na halalan sa pamamagitan ng mga presentation, event sa campus, at paghikayat na magparehistro.

D. Network ng Indibidwal na Botante

Hindi limitado sa mga organisasyon ang mga aktibidad sa pag-abot at pagbibigay ng kaalaman. Maaaring magsilbi ang mga indibidwal na botante bilang bahagi ng network ng suporta upang maipabatid sa ROV ng County ng Sonoma ang tungkol sa mga hadlang sa pagboto at makatulong na magbigay ng mga solusyon upang matiyak ang malawakang kaalaman tungkol sa modelo ng Sentro ng Pagboto. Maglalagay ang ROV ng mga card na Survey sa Karanasan ng Botante sa mga Sentro ng Pagboto upang makuha ang mga komento tungkol sa mga karanasan ng mga botante. Kabilang sa mga tanong sa survey ang pag-access sa Sentro ng Pagboto at paggamit ng mga serbisyo sa wika.

Maaaring magbahagi ng mga tanong o komento mula sa publiko sa anumang oras sa pamamagitan ng pag-email sa rov-info@sonoma-county.org.

E. Mga Direktang Pakikipag-ugnayan sa Botante

Magpapadala ang ROV ng dalawang direktang postcard sa mail sa bawat nakarehistrong botante sa County ng Sonoma upang ipabatid sa kanila ang tungkol sa mga pagbabago sa ilalim ng modelo ng pagboto sa VCA. Ang pangkalahatang layunin ng mga direktang postcard sa pakikipag-ugnayan na ito ay magbigay ng impormasyon tungkol sa paparating na halalan, sa pagkakaroon ng toll-free na hotline ng tulong sa botante ng ROV, at mga opsyon sa pagboto.

- *Unang Postcard:* Ipadadala ang unang sulat sa loob ng humigit-kumulang 55 araw bago ang bawat halalan, na nagpapaalala sa mga botante na abangan ang kanilang balota para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo at na tingnan ang kanilang status at tiyaking wasto ang pagkakarehistro nila upang masiguradong matatanggap nila ang kanilang balota sa mail.
- *Pangalawang Postcard:* Ipadadala ang pangalawang sulat sa loob ng humigit-kumulang 22 araw bago ang halalan upang paalalahanan ang mga botante tungkol sa kung kailan magbubukas ang Mga Sentro ng Halalan, mga opsyon para sa pagbabalik ng kanilang balota, kabilang ang paalala na lagdaan ang kanilang sobre, at na bumoto nang maaga para maiwasan ang mga pagpila sa Araw ng Halalan.

Ang lahat ng nakarehistrong botante ay makatatanggap ng English na postcard. Kung gusto ng botanteng makatanggap ng mga materyal na nasa Spanish, Tagalog, Vietnamese o Khmer, maaari siyang makipag-ugnayan sa aming opisina upang hilingin ang mga nakasaling materyal.

Kasama sa Appendix B ang mga draft na Sample na postcard.

F. Mga Komite sa Pagpapayo

Bubuo ang ROV ng dalawang komite upang tumulong sa paggawa at pagpapatupad ng mga gawain sa pag-abot at pagbibigay ng kaalaman sa Plano sa Pangangasiwa ng Halalan:

- Makikita ang mga layunin, agenda, at minute ng pulong ng Komite sa Pagpapayo sa Accessibility ng Pagboto (VAAC) sa webpage ng VAAC.
- Makikita ang mga layunin, agenda, at minute ng pulong ng Komite sa Pagpapayo sa Accessibility ng Wika (LAAC) sa webpage ng LAAC.

Ang mga komite na ito ay tutulong sa mga kinakailangan sa accessibility, wika, at komunidad at magpapayo sa ROV tungkol sa iba't ibang aspeto ng Plano sa Pagbibigay ng Kaalaman at Pag-abot sa Botante.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa alinman sa mga komite, mangyaring mag-email sa rov-info@sonoma-county.org.

G. Mga Anunsyong Serbisyo sa Publiko (PSAs) at Media

Gagamitin ng ROV ang mga PSA sa mga visual at audio na format upang ipabatid sa mga botante ang tungkol sa paparating na halalan at toll-free na hotline ng tulong sa botante. Ipamamahagi ang mga PSA sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, pahayagan, at social media upang maabot ang lahat ng botante, kabilang ang mga botante na may mga kapansanan at minoryang botante na nagsasalita ng ibang wika. Tutulong ang LAAC at VAAC sa pagbuo ng nilalaman ng PSA. Ilalagay ang mga PSA sa mga outlet na nakalista sa Appendix C. Makikita sa Appendix F ang pangkalahatang timeline para sa mga PSA at pakikipag-ugnayan sa iba pang outlet ng media.

III. MGA SERBISYO SA BOTANTE

A. Mga Serbisyo para sa Mga Botanteng Limitado ang Kasanayan sa English

Hindi inaatasan ang County ng Sonoma sa kasalukuyan na magbigay ng mga nakasaling materyal sa halalan sa ilalim ng Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto ng 1965. Gayunpaman, inaatas ng batas ng estado sa County na magbigay ng tulong sa wika at mga nakasaling kopya ng opisyal na balota sa mga sumusunod na wika: Spanish, Vietnamese, Tagalog, at Khmer, sa mga partikular na presinto.

1. *Pagtukoy ng Mga Minority na Botanteng Nagsasalita ng Ibang Wika §4005(a)(10)(I)(i)(V)*

   Tinutukoy ng ROV ang mga kagustuhan sa wika ng mga botante gaya ng isinaad ng botante sa seksyong “Opsyonal na Impormasyon ng Botante” sa mga form sa pagpaparehistro ng botante. Maaari ding mag-email o tumawag sa ROV ang mga minority na botanteng nagsasalita ng ibang wika upang maibigay ang kanilang kagustuhan sa wika. Ilalagay at iso-store ng ROV ang data na ito sa aming EMS. Dagdag dito, nakakatanggap ang ROV ng impormasyon tungkol sa mga minority na komunidad na nagsasalita ng ibang wika mula sa Kawanihan ng Senso ng United States.

2. *Komite sa Pagpapayo sa Accessibility ng Wika*

   Binuo ng ROV ang LAAC bilang komite sa pagpapayo sa mamamayan upang magbigay ng mga rekomendasyon para mapahusay ang access sa wika sa mga materyal sa pagboto at halalan. Ididisenyo ang LAAC para magpayo at tumulong sa pagtugon sa mga kinakailangan sa wika na iniaatas ng estado. Makikipagtulungan ang ROV sa mga miyembro ng LAAC at partner sa komunidad upang mabigyan ng impormasyon ang mga botante na may mga pangangailangan sa wika. Tinutukoy ng ROV ang mga kagustuhan sa wika ng mga botante gaya ng isinaad ng botante sa seksyong “Opsyonal na Impormasyon ng Botante” sa mga form sa pagpaparehistro ng botante.

3. *Mga Workshop sa Pagbibigay ng Kaalaman*

   Bilang bahagi ng mga pagsisikap nito sa pag-abot, magpapatuloy ang ROV sa pag-abot nito sa mga minoryang botante na nagsasalita ng ibang wika. Makikipagtulungan ang ROV sa mga miyembro ng LAAC at partner sa komunidad upang mabigyan ng tulong sa wika at mga workshop sa pagbibigay

ng kaalaman ang mga botante. Iiskedyul ang mga workshop kung kinakailangan. Isusumite ang mga imbitasyon sa mga workshop na ito sa pamamagitan ng email sa iba't ibang tao at organisasyon na nakaugnayan na hinggil sa potensyal na membership sa aming LAAC at VAAC, sa aming FB page, at sa pamamagitan ng tulong mula sa aming Communications Team sa Opisina ng Administrator ng County. Magbibigay ang ROV sa mga workshop na ito ng:

- Mga halimbawa ng mga nakasaling facsimile na balota na may mga tagubilin sa botante, na kilala rin bilang Mga Patnubay na Pagsasalin ng Balota.
- Mga materyal ng VCA na nakasalin sa lahat ng wikang iniaatas ng estado para sa County ng Sonoma.

4. *Media/Advertising*
   Iaanunsyo sa mga press release na ipamamahagi sa buong County ng Sonoma ang toll-free na hotline ng tulong sa botante na nagbibigay ng tulong sa English. Ipamamahagi din ang mga press release sa iba't ibang Spanish na outlet ng media na kinabibilangan ng Latino Service Providers, El Patron Radio, KBBF, Sonoma Media Investments at La Voz Newspaper. Magkakaroon din tayo ng magagamit na serbisyo ng interpreter sa telepono na iaalok sa pamamagitan ng Opisina ng Kalihim ng Estado na maaaring magbigay ng pagsasalin hindi lang sa wikang Spanish, Vietnamese, Tagalog at Khmer na iniaatas ng ating Estado, pero sa maraming iba pang wika rin. Dagdag dito, bibili ng mga media advertisement sa Spanish, Vietnamese, Tagalog, at Khmer upang i-promote ang serbisyo ng interpreter sa telepono, kung mayroon sa loob ng County. Nakalagay sa Appendix C ang kumpletong listahan ng mga partner sa media.

5. *Mga Materyal sa Mga Alternatibong Wika*
   Ang bawat nakarehistrong botante sa County ng Sonoma ay padadalhan ng balota para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote by Mail, VBM) na magsisimula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Ang lahat ng opisyal na balota ay English lang. Nasa English ang ibibigay na sobre sa pagbabalik. Ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County at mga publikasyon para sa Sentro ng Pagboto at Drop Box ay nasa English lahat.

   Ang mga facsimile na kopya ng mga opisyal na balota, na tutukuyin bilang “Mga Patnubay na Pagsasalin ng Balota” sa County ng Sonoma, ay nakasalin sa Spanish, Vietnamese, Tagalog, at Khmer. Sa ilalim ng California Election Code 14201, dapat mag-post sa mga Sentro ng Pagboto ng mga facsimile na balota sa mga partikular na wika kung natukoy na 3% o higit pa ng minoryang grupo na nagsasalita ng ibang wika o ng mga tao sa paligid ng presintong iyon ang may limitadong kahusayan sa English. Nagpapadala ng mga facsimile na balota sa mga botante na humihiling ng facsimile na balota sa kaukulang wikang iyon at nakatira sa nasasakupang lugar ng mga tinukoy na presinto.

Ang botante na nasa labas ng mga tinukoy na presinto ay maaari ding makipag-ugnayan sa ROV upang humiling na magpadala sa kanila ng facsimile na balota sa pamamagitan ng pag-email sa rov-absentee@sonoma-county.org o pagtawag sa (707) 565-6800. Bukod dito, makakakuha ng Mga Patnubay na Pagsasalin ng Balota sa bawat Sentro ng Pagboto at maaaring humiling at makatanggap ng mga karagdagang kopya mula sa mga Field Support Officer kung kinakailangan.

Maaaring humiling ang sinumang botante ng pamalit na balota sa pamamagitan ng pagtawag sa (707) 565-6800 o sa (800) 750-8683, sa pamamagitan ng pag-email ng kahilingan sa rov-absentee@sonoma-county.org , pag-fax ng kahilingan sa (707) 565-6843, pagpunta sa Sentro ng Pagboto, sa opisina ng ROV, o sa online na system ng Remote na Naa-access na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Remote Accessible Vote by Mail, RAVBM) na nasa English.

6. *Bilingual na Tulong sa Mga Sentro ng Pagboto*
Sa ilalim ng California Election Code 12303, dapat magsagawa ng makatuwirang pagsisikap na maglagay ng mga bilingual na Opisyal sa Halalan sa mga nakatalagang lokasyon sa buong County ng Sonoma kung saan ang 3% o higit pa ng populasyon na nasa legal na edad para bumoto ay may limitadong kasanayan sa English. Ang mga county sa California ay may sarili nilang partikular na paraan sa pagtukoy kung aling mga presinto ang nangangailangan ng bilingual na Opisyal sa Halalan. Ginagamit ang impormasyon sa file ng botante gaya ng lugar ng kapanganakan, apelyido, at kagustuhan sa wika upang matukoy ang mga lugar kung saan maaaring kinakailangan ang bilingual na tulong. Dahil naaangkop sa Election Code 14201 at 12303, ginagamit ang impormasyon sa Census at American Community Survey upang matukoy ang mga presinto na nakatutugon sa 3% threshold.

   - Mga Grupo sa Pagpapayo: Isasaalang-alang ng ROV ang feedback at mga suhestyon sa mga bahaging maaaring nangangailangan ng karagdagang tulong sa wika mula sa mga grupo sa pagpapayo na gaya ng LAAC ng County ng Sonoma.
   - Mga Grupo sa Pagsusulong: Sasangguni ang ROV sa iba't ibang grupo sa komunidad at organisasyon na nagsusulong ng access sa wika sa buong County ng Sonoma. Inaasahan namin na tutulungan ng mga grupong ito ang ROV sa pagtukoy sa mga minoryang populasyon na nagsasalita ng ibang wika sa County ng Sonoma.

Natukoy ng Kalihim ng Estado ng California ang mga Sentro ng Pagboto na nangangailangan ng tulong sa wika sa pamamagitan ng data ng U.S. Census. Ipi-print sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County (County Voter Information Guide, CVIG) ang listahan ng tulong sa wika na magagamit sa bawat Sentro ng Pagboto at gagawin itong available sa website ng ROV.

Magsasaalang-alang ng karagdagang pangangailangan para sa tulong sa wika sa pamamagitan ng proseso ng pagbibigay ng input ng publiko, kabilang ang input na ibibigay ng LAAC ng County.

Sisikapin ng ROV na makakuha ng kahit isa man lang na Opisyal sa Halalan na nagsasalita ng Spanish para sa bawat Sentro ng Pagboto upang magbigay ng tulong sa wika. Kung ang Sentro ng Pagboto ay nasa, o katabi ng, isang presinto na may mga kinakailangan sa wika sa Vietnamese, Tagalog o Khmer, gagawin ng ROV ang lahat ng pagsisikap upang makakuha ng Mga Opisyal sa Halalan na bihasa sa wikang iyon. Magbibigay din ang ROV ng Serbisyo ng Interpreter sa Telepono na iaalok sa pamamagitan ng Kalihim ng Estado ng California na maaaring gamitin ng Mga Opisyal sa Halalan upang tumawag at makipag-usap sa isang live translator para makatulong sa pakikipag-ugnayan sa mga botante sa maraming iba pang wika. Ang naa-access na device sa pagmamarka ng balota ay mayroon lang English na nilalaman ng balota at audio.

B. Mga Botanteng may mga Kapansanan

Nakatuon ang ROV sa pakikipagtulungan sa mga botanteng may mga kapansanan upang madagdagan ang accessibility sa demokratikong proseso. Nagbibigay ang website ng ROV ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap na ito at sa mga mapagkukunan na magagamit ng mga botanteng may mga kapansanan, kabilang ang system ng Remote na Naa-access na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, mga serbisyo sa may kapansanan na makukuha sa Mga Sentro ng Pagboto, at pagkakaroon ng mga materyal sa halalan na nasa alternatibong format. Hinihikayat ang mga botante na makipag-ugnayan sa ROV para sa mga partikular na kahilingan para sa tulong sa pamamagitan ng pag-email sa rov-info@sonoma-county.org. Makikita ang kumpletong listahan ng mga naa-access na opsyon at tulong sa pagboto sa website ng ROV. Nagbibigay rin ang county ng naa-access na online na Patnubay na Impormasyon para sa Botante na may kasamang sangguniang balota na maa-access ng botanteng may mga kapansanan para suriin at i-print ang kanyang sampol na balota.

1. *Komite sa Pagpapayo sa Accessibility ng Pagboto*
   Bubuuin ng ROV ang VAAC bilang isang komite sa pagpapayo sa mamamayan na gagawa ng mga rekomendasyon para sa pagpapahusay ng access sa mga materyal sa pagboto at halalan habang tumutulong na matukoy at maalis ang mga hadlang. Idinisenyo ang VAAC upang magpayo at tumulong sa pagtiyak na makakaboto nang mag-isa at pribado ang lahat ng botante sa County ng Sonoma. Makikipagtulungan ang ROV sa mga miyembro ng VAAC at partner sa komunidad upang mabigyan ng impormasyon at mga alternatibong opsyon sa pagboto ang mga botante na may mga kapansanan.

2. *Mga Workshop sa Pagbibigay ng Kaalaman*
   Itatampok sa mga workshop ang pagpapakita ng mga naa-access na opsyon sa pagboto ng ROV, kabilang ang system ng Remote na Naa-access na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (RAVBM) at ang naa-access na device sa

pagmamarka ng balota sa Mga Sentro ng Pagboto (Dominion's ICX). Mag-iiskedyul ng mga workshop kung kinakailangan. Gagawin ang pag-advertise ng mga workshop na ito sa social media, sa tulong ng communications team ng Opisina ng Administrator ng County, at sa pamamagitan ng mga pinagkakatiwalaang partner sa komunidad. Magbibigay ang ROV sa mga workshop na ito ng:

- Aplikasyon sa Remote na Naa-access na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (para sa isang link na ie-email sa botante)
- Pagpapakita ng interface at pagpaparinig ng audio ng RAVBM
- Pagpapakita ng ICX Device sa Pagmamarka ng Balota, na may mock na balota
- Pagtalakay sa pagkakaroon ng mga materyal sa mga alternatibong format (malaking titik, mga panukala sa audio na format, naa-access na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County, at pagkakaroon ng mga alternatibong format para sa mga materyal sa halalan ng estado).

3. *Media/Advertising*

Mamamahagi ng mga press release sa buong County ng Sonoma upang ianunsyo ang toll-free na hotline ng tulong sa botante na nagbibigay ng tulong sa English at may kakayahang ikonekta ang mga botanteng may mga kapansanan sa TTY (Text Telephone), na nagbibigay daan sa mga botante na bingi, may problema sa pandinig, o may problema sa pagsasalita na gamitin ang telepono upang makipag-ugnayan sa mga kawani ng ROV. Isasaad sa mga press release sa hinaharap na may mga kakayahan sa TTY ang hotline ng tulong sa botante.

Hangga't maaari, gagamitin para sa pamamahagi ng press release ang mga pangunahing print at online na outlet ng media gaya ng Sonoma Media Investments (nasasaklawan ang maraming print at online na platform sa buong County, kabilang ang Press Democrat), Kenwood Press, Bodega Bay Navigator, Bay Area News Group, Sonoma West Times gayundin ang mga istasyon ng radyo na umeere sa County gaya ng Amaturo Sonoma Media Group, Sonoma Valley Communications at Redwood Empire Sterocasters. Walang outlet ng balita sa TV na nakalaan sa County ng Sonoma, pero magbibigay ito ng mga press release sa mga outlet ng media sa TV na karaniwang nakikipagtulungan sa Communications Team ng County kabilang ang ABC7, KGO, KPIX, KRON, KSRO, KSVY at KTVU.

Ang mga naka-print na materyal, gaya ng pangalawang direktang postcard ay magbibigay ng impormasyon sa mga botante tungkol sa mga naa-access na opsyon sa balota.

Magagamit ng ROV ang mga tulong at rekomendasyon tungkol sa kung paano pinakamahusay na maaabot ang mga botanteng may mga kapansanan.

Mangyaring mag-email sa rov-info@sonoma-county.org ng mga ideya para sa media.

4. *Mga Materyal sa Mga Alternatibong Format*
   May ilang naa-access na opsyon sa pagboto ang mga botanteng may mga kapansanan. May inihahanda ang ROV na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County (CVIG) para sa bawat halalan na naglalaman ng impormasyon sa proseso ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo gayundin ng mga tagubilin para sa paggamit ng system ng RAVBM. Makukuha ang CVIG sa malalaking titik, sa online na PDF, at sa naa-access na opsyon sa screen reader gamit ang Voter Look-up Tool ng ROV, na may kasamang access sa sangguniang balota. Mababasa ang mga panukala sa naa-access na format gamit ang isang screen reader. Maaaring humiling ng mga CVIG na may malalaking titik at mga panukala sa audio na format sa pamamagitan ng pag-email sa rov-info@sonoma-county.org o pagtawag sa ROV sa (707) 565-6800.

   Makikita sa website ng ROV ang kumpletong listahan ng kung paano mag-access ng impormasyon sa mga alternatibong format.

5. *Remote na Naa-access na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (RAVBM)*
   Inaatasan ang lahat ng county na magbigay ng naa-access na opsyon sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo para sa mga botanteng may mga kapansanan. Nagbibigay-daan ang system na ito sa mga botante na ma-access ang kanilang wastong balota online at mamarkahan ang kanilang mga napili gamit ang sarili nilang assistive technology. Kapag namarkahan na ang mga napili sa balota, kinakailangan ng botante na i-print ang mga napili at ibalik ito sa pamamagitan ng mail, o sa Drop Box para sa Balota, Sentro ng Pagboto, o sa opisina ng ROV. Makakakuha ng impormasyon hinggil sa proseso ng RAVBM sa website ng ROV.

   Ang isang botanteng may kapansanan ay maaaring humiling ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa naa-access na format sa pamamagitan ng pagbabalik ng may bayad nang selyong aplikasyon sa likod na pabalat ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County.

   Ang mga botanteng gagamit ng system na ito ay dapat magpatunay na mayroon silang kapansanan, dapat ay mayroong koneksyon sa internet, at dapat ay mayroong printer para i-print ang kanilang mga napili sa balota. Dahil makatatanggap ng balota sa pamamagitan ng mail ang lahat ng botante, maaaring gamitin ng botanteng gagamit sa system ng RAVBM ang asul na sobreng natanggap niya sa mail upang ibalik ang balota, maaari din siyang mag-download ng template ng sobre mula sa system ng RAVBM, o maaari siyang kumuha ng pamalit na sobre sa alinmang Sentro ng Pagboto o sa Opisina ng ROV. Ang mga asul na sobreng ipinadadala sa bawat botante ay

mayroong espasyo sa ilalim ng flap ng sobre kung saan dapat lumagda ang botante.

Ang lahat ng sobre ay dapat may lagda o marka ng pagkakakilanlan ng botante bago bilangin ang balota. Kung hindi malalagdaan ang sobre, o kung hindi tugma ang lagda sa lagdang nasa file ng botante, magpapadala ang ROV sa botante ng sulat na mayroong mga tagubilin at deadline para sa pag-ayos sa sitwasyon.

Upang kumpirmahin kung natanggap na ng ROV ang balota, maaaring bumisita ang botante sa website ng Kalihim ng Estado ng California at i-click ang My Voter Status

6. *Accessibility ng Sentro ng Pagboto*
Pinipili ang mga lugar ng Mga Sentro ng Pagboto at Drop Box para sa Balota gamit ang mga alituntunin ng ADA mula sa Checklist ng Accessibility ng Lugar ng Botohan. Ginagamit ang mga checklist na ito upang tumukoy ng mga naa-access na lokasyon. Kung may mapag-alamang hadlang na maaaring pumigil sa isang tao sa pagpasok sa isang Sentro ng Pagboto o sa paggamit ng Drop Box para sa Balota, magsasagawa ng mga pagbabago ang ROV sa o bago ang Araw ng Halalan sa pamamagitan ng paggamit ng karagdagang kagamitan at mga karatula. Ang anumang tanong hinggil sa pisikal na pag-access sa lokasyon ng Sentro ng Pagboto o Drop Box para sa Balota ay maaaring idirekta sa Opisina ng ROV sa pamamagitan ng pag-email sa rov-info@sonoma-county.org o pagtawag sa (707) 565-6800.

Ang lahat ng Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng hindi bababa sa dalawang naa-access na booth sa pagboto para sa upuan o wheelchair, magnifying glasses, at mga pen grip. Magkakaroon ng hindi bababa sa tatlong naa-access na device sa pagmamarka ng balota na magagamit ng taong nakaupo o nasa wheelchair. Sa Sentro ng Pagboto, magagamit ng sinumang botante ang mga naa-access na device sa pagmamarka ng balota na ito upang mag-isa at pribado siyang makapagmarka sa kanyang balota. Pagkatapos mag-check in sa tulong ng Opisyal sa Halalan, bibigyan ang mga botante ng Card sa Pag-access ng Botante na magpapasok ng kanilang balota sa naa-access na device. Maaaring markahan ang balota gamit ang touch screen na display, ang audio tactile device na may braille, o ang sarili nilang assistive technology. Kabilang sa mga pangunahing feature ang:

- Isang Touchscreen na tablet, na may opsyong baguhin ang laki ng text at contrast sa tablet
- Isang Audio Tactile Interface (ATI) na keypad na may Braille
- Headphones at mga audio na tagubilin sa English
- Isang Privacy mask, para sa mga botante na malabo ang paningin upang matiyak na napapanatiling pribado ang kanilang mga pagboto habang pinakikinggan nila ang mga audio na tagubilin

- Kakayahang magamit ng mga botante ang kanilang sariling Paddle o Sip at Puff assistive device

Hindi nagtatala o nagbibilang ng anumang boto ang machine na ito. Kapag tapos nang markahan ang kanilang balota, dapat i-print ng botante ang kanilang mga napili at ilagay ang na-print na balota sa ballot box. Walang impormasyon ng botante ang iiimbak sa anumang device sa pagmamarka ng balota, para matiyak na mapananatiling kumpidensyal at pribado ang lahat ng balota.

May opsyong humiling ng pagboto sa curbside ang sinumang botante na hindi pisikal na makapunta sa Sentro ng Pagboto. Maaaring tumawag ang mga botante sa Sentro ng Pagboto sa numerong nasa call-box sa Sentro ng Pagboto, o maaaring ang kasama o kaibigan ang pumasok sa Sentro ng Pagboto at humiling nito. Magdadala ang kawani ng Sentro ng Pagboto ng pamalit na balota sa kanilang sasakyan. Upang humiling ng pagboto sa curbside sa ROV, maaaring makipag-ugnayan ang mga botante sa ROV sa rov-info@sonoma-county.org o tumawag sa (707) 565-6800. Ang opisina ng ROV, na matatagpuan sa 435 Fiscal Drive, sa Santa Rosa, ay magkakaroon ng naa-access na device sa pagmamarka ng balota na magagamit simula sa 29 na araw bago ang Araw ng Halalan, gayundin ng mga opsyon sa pagboto sa curbside.

7. *Mga Opsyon sa Pagkuha ng Balota*
Ang bawat nakarehistrong botante sa County ng Sonoma ay padadalhan ng balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (VBM) sa loob ng hindi lalampas sa 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Maaaring humiling ang sinumang botante ng pamalit na balota sa pamamagitan ng pagtawag sa (707) 565-6800 o sa (800) 750-8683, pag-email ng kahilingan sa rov-absentee@sonoma-county.org, pag-fax ng kahilingan sa (707) 565-6843, pagpunta sa Sentro ng Pagboto, o sa opisina ng ROV.

Kung hindi matatanggap ng botante ang kanyang packet para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, maaari siyang tumawag sa opisina sa (707) 565-6800 para sa pamalit na packet, bumisita sa opisina ng ROV, o bumisita sa alinmang Sentro ng Pagboto kapag bukas. Maaaring isang kaibigan o kamag-anak ang kumuha ng packet ng botante para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo kung sasagutan ng botante ang form na Pang-emergency na Awtorisasyon para sa Pagkuha ng Balota na nasa website ng Kalihim ng Estado ng California.

8. *Mga Emergency na Balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo*
Kung mapag-aalaman ng botante sa huling 7 araw bago ang Araw ng Halalan na hindi siya makakaboto nang personal dahil sa sakit o kapansanan dahil sa pagkaka-confine sa isang ospital o nursing home, o kung naka-confine ang isang botante sa kanyang bahay, o kung wala siya sa pagbobotohang presinto sa Araw ng Halalan, maaaring humiling ang botante ng Emergency na Balota

ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo. Dapat humiling ang botante sa pamamagitan ng sulat, na nilagdaan sa ilalim ng parusa sa panunumpa, na nagbibigay-pahintulot sa isang kinatawan na kunin ang balota ng botante, at isauli ang balota sa botante. Matatanggap ng pinahintulutang kinatawan ng botante ang balota ng botante pagkatapos ipakita ang nilagdaang pahayag sa Tanggapan ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Sonoma sa 435 Fiscal Drive sa Santa Rosa, sa mga karaniwang oras ng negosyo na 8a.m.-5p.m., Pacific Time.

Mamarkahan ng botante ang balota, ilalagay niya ito sa sobreng may pagkakakilanlan, pupunan at lalagdaan niya ang sobre at isasauli niya ang balota, sa personal o sa pamamagitan ng pinahintulutang kinatawan, sa Tanggapan ng Tagapagrehistro ng mga Botante o saanmang lugar ng botohan o sentro ng pagboto sa County ng Sonoma bago ang pagsasara ng mga botohan.

Ang mga botanteng may mga tanong tungkol sa Mga Emergency na Balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo ay maaaring makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa (707) 565-6800, o mag-email sa rov-absentee@sonoma-county.org.

IV. PAGTUGON SA KAWALAN NG PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA PAGLAHOK

Layunin ng ROV at County ng Sonoma na tiyakin ang pagkakapantay-pantay sa access sa kahon para sa balota ng lahat ng kwalipikadong mamamayan, gaya ng tinukoy ng batas. Kapag hinihiling, ginagawa ng ROV ang lahat ng pagsisikap para dumalo sa mga event, mag-alok ng mga presentation, at magbigay ng impormasyon sa mga lugar na may mababang bilang ng bumoto sa nakaraan. Magbibigay ng impormasyon sa halalan ang ROV sa mga care home, ospital, Departamento sa Kalusugan ng Isip ng County ng Sonoma, Departamento ng Sheriff ng County ng Sonoma, mga opisina ng Militar at mga opisina para sa Pasaporte. Ipadadala sa pamamagitan ng email ang mga materyal, at isasama rito ang impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng mga form sa pagpaparehistro ng botante, at iba pang impormasyon, ng link sa aming website upang masuri ang aming Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (Election Administration Plan, EAP), at ng aming impormasyon sa pakikipag-ugnayan kung sakaling may anumang tanong sila o ang kanilang mga kliyente.

A. Pagpaparehistro upang Bumoto

Maaaring magparehistro para bumoto online ang mga kwalipikadong residente ng County ng Sonoma nang direkta sa website ng Kalihim ng Estado: https://registertovote.ca.gov/, o sa pamamagitan ng pag-access sa website sa pagpaparehistro ng botante ng estado sa pamamagitan ng link mula sa website ng ROV. Maaari ding kumuha ang mga residente ng form sa pagpaparehistro ng botante sa opisina ng ROV, City Hall, mga aklatan, mga hulugan ng sulat, at sa karamihan ng

opisina ng pamahalaan sa buong County. Ang mga ahensya ng County ng Sonoma na naglilingkod sa mga sambahayan at indibidwal na may mga kapansanan ay nagbibigay ng mga form sa pagpaparehistro ng botante sa kanilang mga kliyente. Itinaguyod ng Departamento para sa Mga Sasakyan (Department of Motor Vehicles, DMV) at Kalihim ng Estado (Secretary of State, SOS) ang Motor Voter Program ng California gaya ng tinukoy ng AB 1461. Sa mga transaksyon sa DMV, isasagawa sa bagong programang ito ang awtomatikong pagrerehistro ng sinumang kwalipikadong bumoto maliban na lang kung mag-o-opt out ang taong iyon sa pagpaparehistro. Magpapadala rin ng form sa pagpaparehistro ang ROV kapag hiniling.

Nagbibigay ang ROV ng mga mapagkukunan at pagsasanay sa National Voter Registration Act (NVRA) sa mga Ahensya ng county na naglilingkod sa mga residenteng may mababang kita at indibidwal na may mga kapansanan, kapag hiniling. Magbibigay ang ROV ng mga karagdagang materyal, impormasyon, at pagsasanay, kapag hiniling, para sa mga coordinator at kawani sa mga Ahensya ng county.

B. Pangongolekta at Pagsusuri ng Data

Pagkatapos ng bawat halalang isinagawa sa ilalim ng VCA, susuriin ng ROV ang mga komentong natanggap mula sa mga botante at manghihingi ito ng input mula sa LAAC, VAAC, at mga partner sa komunidad tungkol sa data na nakolekta alinsunod sa California Election Code 4005. Magsasagawa ng mga makatuwirang pagsisikap ang ROV upang matugunan ang mga malaking kaibahang matutukoy sa bawat item.

Upang matugunan ang mga matutukoy na kaibahan sa paglahok ng botante, nakatuon ang ROV sa:

- Pagkuha at pag-survey ng mga potensyal na lokasyon sa komunidad na maaaring mag-host ng naa-access na Sentro ng Pagboto
- Pakikipagpulong sa mga ahensya na nagbibigay ng mga serbisyo sa komunidad, kabilang ang, pero hindi limitado sa Becoming Independent, Disability Services and Legal Center, Council on Aging, YM/YWCA upang magbigay ng impormasyon sa botante, form sa pagpaparehistro ng botante, at flyer/poster para sa mga halalan sa 2022
- Pagsasagawa ng paghikayat sa pagpaparehistro bago ang bawat halalan

Bukod dito, makikipagtulungan ang ROV upang matukoy ang iba't ibang lugar sa County ng Sonoma kung saan mas mababa sa average para sa County ang bilang ng bumoboto. Gagamitin ng ROV ang data na ito upang madagdagan ang antas ng advertising sa mga partikular na lugar, gayundin sa iba pang hub sa komunidad upang makatulong sa pag-advertise at pamamahagi ng impormasyon sa halalan.

V. BADYET

Iniaatas ng VCA ang malawakang pagbibigay ng kaalaman at pag-abot sa botante tungkol sa proseso sa pagboto ng modelo ng Sentro ng Pagboto. Ang layunin ng ROV ay madagdagan ang pagpaparehistro ng botante, paglahok, at bilang ng mga bumoboto.

Nagbibigay ang ROV ng in-house na suporta para sa paghahanda ng mga materyal sa pag-abot, pampublikong presentation at mga event sa pag-abot sa komunidad. Hindi isinama sa badyet sa nakaraan ang pagbili ng mga advertisement sa telebisyon, radyo, pahayagan, at social media, pero kakailanganin itong maisama para sa pag-abot hinggil sa paglipat sa VCA. Magkakaroon ng mga gastusin sa pag-print at selyo para sa mga direktang pagpapadala ng sulat sa mga nakarehistrong botante.

Makikita sa Appendix D ang impormasyon sa badyet para sa pagbibigay ng kaalaman at pag-abot. Kung may karagdagang perang ibibigay para sa mga gawain sa pagbibigay ng kaalaman at pag-abot sa botante, ia-update ang Appendix upang maipakita ang anumang pagbabago o pagdaragdag.

Gumamit ang County ng Sonoma ng modelo sa pagboto na katulad ng VCA para sa Halalan para sa Presidente noong Nobyembre, 2020, dahil sa ipinatupad na pagbabatas na partikular sa halalang iyon. Nagbigay-daan ito sa ROV na magamit ang isang grant upang bumili ng mga Mobile na Printer ng Balota (Mobile Ballot Printers, MBP), transport cart para sa mga ito, printer ng label na gagamitin sa paggawa sa napagsama nang listahan ng mga botante, at Cradlepoint router na nakahiwalay sa internet upang matiyak ang pagkakakonekta sa database ng botante para masaklaw ang 30 Sentro ng Pagboto. Para sa mga laptop sa pag-check in o listahan ng botante, ginamit ng ROV ang mga laptop na nabili na para sa DMP ng Assessor na ipinahiram sa amin para sa Halalan noong Nobyembre 2020. Kakailanganin ng ROV na bumili ng 70-80 bagong laptop para sa mga pag-check in ng botante sa hinaharap, na ilalaan sa ROV. Kakailanganin din ng ROV na bumili ng kagamitan para sa kahit man lang isa pang Sentro ng Pagboto, dahil sa nadagdagang bilang ng pagpaparehistro, at reserbang kagamitan upang tiyaking may maihahatid na kapalit na kagamitan kung kinakailangan, kung may anumang kagamitan na hindi gagana sa panahon ng anumang halalan. Tinataya ng ROV na walang matitipid na halaga sa paglipat sa modelo ng VCA dahil sa inaasahang gastusin ng pag-abot, pagpapadala ng mga sulat, suporta sa Sentro ng Pagboto at overtime para sa mga pansamantalang empleyado sa halip na mga stipend ng Manggagawa sa Botohan, suporta sa IT at koneksyon para sa Mga Sentro ng Pagboto, at mga pansamantalang tauhan na maglilingkod sa mga Drop Box para sa Balota.

SEKSYON 2: PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN

I. PANGKALAHATANG-IDEYA

Iniaatas ng Voter's Choice Act (VCA) ng California sa isang County na magsumite ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP) sa publiko na nagpapabatid kung paano pangangasiwaan ng ROV ng County ng Sonoma ang mga halalan sa ilalim ng VCA.

Nakagamit ang County ng Sonoma ng modelo sa pagboto na katulad ng VCA sa pagsasagawa sa Halalan para sa Presidente noong Nobyembre, 2020, at nagkaroon ito ng pinakamataas na bilang ng mga bumoto sa Estado. Nagawa naming mapadali ito para sa mga botante at maalok sila ng ligtas na pagboto sa panahon ng pandemya sa pamamagitan ng pagpapadala sa bawat botante ng balota na may opsyon silang gamitin at ibalik, o sa halip ay bumoto nang personal, kung iyon ang gusto nila. Sa halip na matali sa isang partikular na lugar ng botohan, nag-alok ang modelong katulad ng VCA sa mga botante ng kakayahang piliin ang lugar ng botohan na pinakamadali nilang mapupuntahan, at nagbigay din ito ng mga karagdagang araw ng pagboto bago ang Araw ng Halalan, upang matiyak na maraming pagkakataon ang mga botante para maghulog ng kanilang balota. Marami pa rin ang personal na bumoto sa Araw ng Halalan sa buong County, kung saan nagtalaga ng maraming kawani sa 30 Sentro ng Halalan upang tumulong sa mga botante at tiyakin ang ligtas na karanasan sa pagboto; may ilang lokasyon na nagkaroon ng mga pila o mahabang pagkaantala sa Araw ng Halalan. Ginamit sa pangunahing opisina ng ROV ang QLess system upang bigyang-daan ang mga botante na "pumila" sa elektronikong paraan, at nabigyang-daan silang maghintay sa kanilang sasakyan hanggang sa tawagin ang kanilang numero, at pumunta sila sa Opisina ng ROV para sa tulong. Nagbigay-daan ito sa ligtas na pagboto at tiniyak nito ang pagkakaroon ng wastong social distancing para sa mga naghihintay ng tulong. Patuloy na nagsasagawa ng pagpapahusay ang ROV sa pagproseso sa malaking bilang ng mga ibinabalik na balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo at sa karanasan ng personal na pagboto.

Ibabalangkas ng planong ito ang mga gagawing event upang mapangasiwaan ang isang halalan sa ilalim ng VCA.

Mga Tanong o Alalahanin:

Pangunahing opisina ng ROV (707) 565-6800
Toll-free (800) 750-8683
Rov-info@sonoma-county.org

II. MGA AKTIBIDAD BAGO ANG HALALAN

A. Pagsusuri sa Halalan sa 2020

Nagsagawa ng iba't ibang paraan ng pagkolekta ng data sa panahon ng pagpapatupad ng modelo sa pagboto na katulad ng VCA para sa Halalan sa County ng Sonoma noong Nobyembre 2020 upang matulungan ang ROV na

mapahusay ang karanasan sa pagboto para sa mga halalan sa hinaharap. Gagamitin din ang mga pamamaraang ito sa mga election cycle sa hinaharap.

1. *CRA-IT*
   Kumuha ang CRA-IT ng mga pansamantalang field technician sa pamamagitan ng Nelson Technology at AppleOne para bumisita sa Mga Sentro ng Pagboto sa lahat ng araw ng pagboto upang mag-troubleshoot ng mga problema, at magbigay ng feedback sa opisina ng ROV tungkol sa kagamitan na maaaring kailangang i-secure at ihatid sa mga lokasyon upang masigurado na mabibigyan ang botante ng pinakamagandang karanasan sa mga lokasyon hangga't maaari. Nalaman ng ROV na may ilang lugar ng botohan na pinupuntahan ng maraming tao, at iminungkahi nito ang paglalagay ng mga karagdagang laptop para sa listahan at Mga Mobile na Printer ng Balota, upang matugunan ang isyu. Tinugunan din ng mga nag-iikot na technician na ito ang mga teknikal na isyu kapag mali ang pagka-set up sa kagamitan ng mga manggagawa sa botohan, at nagawa nilang malutas ang isyu at ipabatid sa mga manggagawa sa botohan ang wastong setup para sa mga natitirang araw ng pagboto.

2. *Survey sa Karanasan sa Modelo ng VCA*
   Nagsagawa ng survey para sa mga manggagawa sa botohan, suporta sa field at suporta sa IT upang maipabatid sa ROV ang tungkol sa kanilang karanasan sa paggamit sa modelo ng pagboto na katulad ng VCA. Binubuo ang survey ng mga tanong na nauugnay sa pagsasanay sa manggagawa sa botohan, materyal na nagbibigay ng tagubilin sa lugar ng botohan, supply na ibinigay, at mga antas ng pangkalahatang kasiyahan sa modelo ng Sentro ng Pagboto o partikular na lokasyon, at mga kawani ng Sentro ng Pagboto. Gagamitin ng ROV ang mga survey upang mapahusay ang pagsasanay sa Mga Kawani ng Sentro ng Pagboto, at matukoy ang mga partikular na isyung nauugnay sa bawat lokasyon ng Sentro ng Pagboto, tulad ng mga alalahanin sa paradahan, at mga isyu sa kagamitan. Makakatulong ito sa paghahanda para sa Mga Halalan sa hinaharap.

B. Mga Kinatawan sa Pagpapayo

Kapag nabuo na ang Komite sa Pagpapayo sa Accessibility ng Pagboto (VAAC) at ang Komite sa Pagpapayo sa Accessibility ng Wika (LAAC), magsasagawa ang ROV ng hindi bababa sa kada quarter na pulong ng bawat komite upang talakayin ang mga pangkalahatang paksa sa halalan, gaya ng mga opisyal na materyal sa halalan, gawain sa pagbibigay ng kaalaman at pag-abot, alalahanin sa cybersecurity, at mga tanong o alalahanin mula sa pangkalahatang publiko. Ang komite na ito ay magbibigay ng feedback tungkol sa mga paraan upang mapahusay ang modelo ng VCA sa County ng Sonoma, magmungkahi ng mga pagpapahusay sa website, at magbigay ng mahalagang feedback para sa mga materyal sa pag-abot. Magpapatuloy ang mga komite sa pagpapayo na ito sa regular na pagpupulong sa panahon ng mga election cycle sa hinaharap at magsasama rito ng mga miyembro ng publiko, tagapagsulong at organisasyon sa

komunidad. Kakailanganin ng sinumang gustong makibahagi na magsagot at magsumite ng aplikasyon upang makasali.

C. Pagtataya ng Sentro ng Pagboto at Drop Box para sa Balota

Iniaatas ng Election Code 4005 (Batas sa Pagpili ng Botante) na ibatay ang bilang ng Mga Sentro ng Pagboto at Drop Box para sa Balota sa mga kabuuan ng pagpaparehistro ng botante para sa County 88 araw bago ang Halalan. Upang matiyak ang sapat na pagpili ng Mga Sentro ng Pagboto at Drop box para sa Balota, nagsagawa ng mga survey sa mga potensyal na lokasyon sa tag-init at taglagas ng 2020, at 30 kumpirmasyon sa pasilidad ang natanggap. Inaasahan ng ROV na makakatulong ang paglipat sa VCA sa pagtiyak ng mga pangmatagalang lokasyon ng Sentro ng Pagboto.

Kailangang masubaybayan ang pagtaas ng bilang ng mga pagpaparehistro ng botante na may bahaging galing sa awtomatikong pagpaparehistro ng botante sa pamamagitan ng DMV, upang matiyak na makapagdaragdag kami ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at drop box para sa balota, kapag natugunan ng mga bilang ng pagpaparehistro ang ilang partikular na threshold. Sa kasalukuyang pagpaparehistro na mahigit 303,000, ang mga kinakailangan ay:

- 31 lokasyon ng Sentro ng Pagboto (1 sa bawat 10,000 nakarehistrong botante)
- 21 lokasyon ng Drop Box para sa Balota (1 sa bawat 15,000 nakarehistrong botante)

Iniaatas din ng Election Code 4005 sa mga county na isaalang-alang ang ilang partikular na pamantayan kapag nagtatalaga ng Mga Sentro ng Pagboto para sa komunidad.

Ang mga pamantayang isasaalang-alang ay:

- Pagiging malapit ng lokasyon ng sentro ng pagboto at drop box para sa balota sa pampublikong transportasyon.
- Pagiging malapit ng lokasyon ng sentro ng pagboto at drop box para sa balota sa mga komunidad na may mababang bilang ng gumamit ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa nakaraan.
- Pagiging malapit ng lokasyon ng sentro ng pagboto at drop box para sa balota sa mga sentro ng populasyon.
- Pagiging malapit ng lokasyon ng sentro ng pagboto at drop box para sa balota sa mga minority na komunidad na nagsasalita ng ibang wika.
- Pagiging malapit ng lokasyon ng sentro ng pagboto at drop box para sa balota sa mga botanteng may mga kapansanan.
- Pagiging malapit ng lokasyon ng sentro ng pagboto at drop box para sa balota sa mga komunidad na may mababababang rate ng sambahayang may pag-aaring sasakyan.
- Pagiging malapit ng lokasyon ng sentro ng pagboto at drop box para sa balota sa mga komunidad na may mababang kita.

- Pagiging malapit ng lokasyon ng sentro ng pagboto at drop-box para sa balota sa mga komunidad ng mga kwalipikadong botante na hindi nakarehistro upang bumoto at maaaring nangangailangan ng access sa pagpaparehistro ng botante sa parehong araw ng halalan.
- Pagiging malapit ng lokasyon ng sentro ng pagboto at drop box para sa balota sa mga populasyong nasa malayong lugar, kabilang ang mga lupang tinubuan ng Native American.
- Access sa madaling puntahan at libreng paradahan sa mga lokasyon ng mga sentro ng pagboto at drop box para sa balota.
- Ang distansya at oras na kailangan sa pagbiyahe ng botante sakay ng kotse o pampublikong transportasyon papunta sa lokasyon ng sentro ng pagboto at drop box para sa balota.
- Ang pangangailangan para sa alternatibong paraan para makapaghulog ng balota ang mga botanteng may mga kapansanan na hindi makaka-access ng mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- Mga pattern ng trapiko na malapit sa mga lokasyon ng mga sentro ng pagboto at drop box para sa balota.
- Ang pangangailangan para sa mga mobile na sentro ng pagboto bilang karagdagan sa bilang ng mga itinatag na sentro ng pagboto.
- Lokasyon ng sentro ng pagboto sa isang campus ng pampubliko o pribadong unibersidad o kolehiyo.

Bago ang halalan noong Nobyembre 2020, nagsagawa ng pagsusuri ang ROV sa mga pamantayan ng VCA gamit ang Sistema ng Impormasyon sa Heograpiya (Geographic Information System, GIS) ng County at gumawa ito ng mapa sa paglalatag ng mga pamantayan ng VCA. Ginamit ng ROV ang data upang makipag-ugnayan sa mga potensyal na lokasyon at hilingin ang pakikibahagi nito bilang Sentro ng Pagboto, at upang magsagawa ng pagsusuri sa koneksyon ng wi-fi para matiyak na magagamit sa mga lokasyon ang mga nasa listahan ng elektronikong solusyon upang 1) maibigay ang wastong balota para sa bawat botante, alinmang Sentro ng Pagboto ang piliin nilang puntahan, at 2) matiyak na malalaman ng mga manggagawa sa botohan kung nagbalik na ang botante sa aming opisina ng balota sa VBM, o kung nakaboto na ang botante sa ibang Sentro ng Pagboto sa panahon ng pagboto. Sinuri ang parehong data na ito upang malaman ang mga pinakamadaling puntahang lokasyon ng Drop Box para sa Balota.

Makikita sa Appendix G ang kumpletong listahan ng mga minimum na kinakailangan at impormasyon sa ebalwasyon ng Sentro ng Pagboto. Makikita sa Appendix H ang kumpletong listahan ng mga minimum na kinakailangan at impormasyon sa ebalwasyon ng Drop Box para sa Balota.

D. Kagamitan at Seguridad

Upang matiyak na may sapat na kagamitan sa pagboto ang lahat ng lokasyon, mayroong reserbang kagamitan ang ROV na ipahahatid sa pamamagitan ng Field Support Officer (FSO), o field tech ng Clerk-Recorder Assessor IT (CRA-IT).

Mag-uulat ang mga field tech ng CRA-IT o FSO sa ROV kung kailangan sa lokasyon ng mga karagdagang roster ng laptop, o Mga Mobile Ballot Printer, nang sa gayon ay maihatid kaagad ang mga ito kung kinakailangan.

Dagdag pa sa pagtiyak na may sapat na kagamitan, kailangan ding tiyakin na na-secure ang lahat ng kagamitan. Nanghingi ng feedback ang ROV sa, at sinuri nito ang, mga EAP ng iba pang County sa ilalim ng VCA upang malaman kung ano ang natutunan nila at anong mga kasanayan ang ipinatutupad nila. Patuloy na ina-update ng ROV ang lahat ng software at kagamitan alinsunod sa batas ng estado, at sa pangangasiwa at tulong ng aming vendor sa Elections System, ang Dominion. Dagdag pa rito, nagkabit na ng mas maraming panseguridad na camera sa mga lugar ng pagproseso ng balota. Nagsagawa na rin ng pagmementinang pang-iwas sa pagkasira sa kagamitan sa pagboto alinsunod sa mga pamamaraan sa paggamit ng kagamitan.

Ang paghahanda ng kagamitan sa pagboto ay isinasagawa ng Coordinator ng Mga Information System ng Departamento, Information Specialist Technician ng Departmento, Lead Storekeeper na kilala rin bilang Manager ng Warehouse, at mga kawani para sa Karagdagang Tulong ng ROV. Ang paghahatid ng kagamitan ay ikinokoordina sa pagitan ng Chief Deputy ng ROV, Lead Storekeeper, at kumpanya para sa drayage, na kokontratahin upang ligtas na maihatid ang kagamitan at materyal sa pagboto sa Mga Sentro ng Pagboto para sa ROV.

Ang paghahatid ng kagamitan at mga supply sa pagboto ay isinasaayos sa pagitan ng kumpanya para sa drayage, at lokasyon ng Sentro ng Pagboto, at sa panahong naaangkop para sa pagbubukas ng maagang pagboto, na mangyayari 10 o 3 araw bago ang Araw ng Halalan.

Itinatago ang kagamitan sa lokasyon ng Sentro ng Pagboto sa lugar na paunang isinaayos sa pagitan ng kumpanya para sa drayage at lokasyon ng Sentro ng Pagboto, at ang lahat ng kagamitan ay mayroong naka-serialize na lock sa mga bag, cart, o container ng materyal, na itinatala at sinusuri batay sa log ng seguridad para sa lugar ng botohan ng manggagawa sa botohan na magbubukas sa mga botohan sa unang araw ng maagang pagboto.

Ang lahat ng kagamitan ay sine-secure ng mga manggagawa sa botohan sa pamamagitan ng mga bagong naka-serialize at naitalagang lock sa pagitan ng mga araw ng pagboto, at kinukumpirma nila na naroon pa at sine-secure nila ang mga ito sa pagbubukas ng mga botohan sa mga sunod na araw ng pagboto.

E. Pag-abot at Pagbibigay ng Kaalaman

Magpapatuloy ang ROV sa pagbibigay ng kaalaman at pag-abot sa iba't ibang komunidad hinggil sa mga opsyon sa pagboto sa ilalim ng VCA. Makikita ang planong ito sa pahina 4 at 5 ng dokumentong ito.

III. MGA AKTIBIDAD AT SUPORTA SA HALALAN

A. Pagsusuri sa Logic at Katumpakan

Ang lahat ng kagamitan ay isasaayos ng Coordinator ng Mga Serbisyo sa Impormasyon ng Departamento, Information Specialist Technician ng Departamento, Lead Storekeeper, at mga tauhan para sa Karagdagang Tulong ng ROV para sa bawat halalan, pagkatapos matanggap ang certified na listahan ng mga kandidato mula sa Kalihim ng Estado (para sa mga halalan sa Buong Estado), at maihanda ng mga tauhan ng ROV ang listahan ng mga kandidato para sa mga lokal na halalan. Gagawin ang pagsusuri sa Logic at Katumpakan nang alinsunod sa batas ng estado para sa lahat ng kagamitan sa pagboto, kabilang ang mga printer ng balota, naa-access na device sa pagmamarka ng balota, at tabulator. Magpapadala ng media release bago magsimula ng Pagsusuri sa Logic at Katumpakan. Bukas sa publiko ang prosesong ito.

B. Mga Materyal at Mapagkukunan para sa Halalan

1. *Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County*

   Ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County (CVIG) ng ROV ay mayroong mga larawan ng sampol na balota para sa partikular na uri ng balota ng bawat botante para sa bawat halalan. Magkakaroon din sa patnubay na ito ng detalyadong impormasyon tungkol sa proseso ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo at mga opsyon para sa paghiling ng pamalit na balota sa VBM at para sa pagbabalik ng balota sa VBM, kabilang ang kumpletong listahan ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop Box para sa Balota. Makukuha ang Patnubay na ito sa format na may malalaking titik at on-line na format.

   Makakakuha ng naa-access na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County sa website ng ROV simula 45 araw bago ang Araw ng Halalan. Upang ma-access ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Estado na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga kandidato at proposisyon para sa buong estado, bumisita sa https://www.sos.ca.gov/elections/.

2. *Packet para sa Balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo*

   Makakatanggap ang bawat nakarehistrong botante sa County ng Sonoma ng packet para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo na ipadadala sa mail. Kasama sa packet na ito ang opisyal na balota ng botante, mga tagubilin sa pagboto, asul na sobre sa pagbabalik ng balota, listahan ng lahat ng lokasyon ng Drop Box para sa Balota at Sentro ng Pagboto, at sticker na “I Voted”. Ang mga materyal sa halalan, tulad ng mga opisyal na balota, ay hindi ipinadadala sa pamamagitan ng US Postal Service (Election Code 3008(b)). Ibinabalik ang mga ito sa ROV para sa pagproseso.

3. *Mga Postcard ng Botante*

   Ang lahat ng nakarehistrong botante ay makatatanggap ng dalawang postcard na nagpapabatid sa mga botante ng tungkol sa paparating na halalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Ipadadala ang unang postcard sa mga

botante bago ang Mga Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County, at ipadadala ang pangalawang postcard sa mga botante bago ang 11 Araw na pagbubukas ng Mga Sentro ng Pagboto.

4. *Website ng ROV*

Simula sa 29 na araw bago ang Araw ng Halalan, ia-update ang website ng ROV para sa sumusunod na impormasyon:

a. Voter Lookup Tool na nagbibigay-daan sa sinumang botante sa County ng Sonoma na:
   - Kumpirmahin ang kanilang impormasyon sa pagpaparehistro ng botante
   - Kumpirmahin na ang kanilang balotang may boto ay natanggap na ng County ng Sonoma
   - Hanapin ang pinakamalapit na Sentro ng Pagboto sa kanilang tirahan
   - Ma-access ang kanilang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County at
b. mapagbukud-bukod ang mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop Box para sa Balota ayon sa Lungsod, na may nakalagay na mga oras ng operasyon, at mga direksyon papunta sa alinmang lokasyon sa pamamagitan ng Google Maps.
c. Mga Interaktibong Resulta ng Halalan
d. Online na toolkit para sa mga materyal sa pag-abot at paglalathalang nauugnay sa Batas sa Pagpili ng Botante
e. Impormasyon sa Mga Naa-access na Opsyon sa Pagboto, kabilang ang impormasyon sa kung ano ang mayroon sa Sentro ng Pagboto, Pagboto sa Curbside, Naa-access na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, at Mga Materyal sa Mga Naa-access na Format.

C. Mga Opsyon sa Pagboto at Access sa Balota

1. *Pagboto sa pamamagitan ng Koreo*

Maaaring piliin ng mga botante na isumite ang kanilang opisyal na balota na nasa kanilang packet para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo simula sa 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Maaari nilang ibalik ang balota sa pamamagitan ng mail, sa alinmang Drop Box para sa Balota simula sa 29 na araw bago ang Araw ng Halalan o sa alinmang Sentro ng Pagboto. Makakakuha ng mga pamalit na balota sa opisina ng ROV at sa alinmang Sentro ng Pagboto.

Kung hindi matatanggap ng botante ang kanyang packet para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, maaari siyang tumawag sa opisina sa (707) 565-6800, o nang toll free sa (800) 750-8683 upang humiling ng pamalit na packet, o bumisita sa opisina ng ROV. Maaaring isang kaibigan o kamag-anak ang kumuha ng packet para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo ng botante kung

sasagutan ng botante ang form na Pang-emergency na Awtorisasyon para sa Pagkuha ng Balota na nasa website ng Kalihim ng Estado ng California.

Maaaring ibalik ang mga balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo sa pamamagitan ng mail (bayad na ang selyo), sa alinmang Sentro ng Pagboto, o alinmang Drop Box para sa Balota hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Kung makakalimutan ng botante na lagdaan ang kanyang ibinalik na balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, o kung hindi tumutugma ang lagda niya sa sobre sa pagbabalik sa lagda na nasa kanyang file ng botante, magpapadala ng sulat ang ROV sa botante na may mga tagubilin tungkol sa kung paano maiwawasto ang isyu, at ang deadline para ayusin ang sitwasyon. Bibilangin at isasama sa mga opisyal na resulta ang mga kwalipikadong balota na naselyuhan sa o bago ang Araw ng Halalan at natanggap sa opisina ng ROV sa loob ng pinapayagang legal na panahon pagkalipas ng araw ng halalan.

Bukas ang Mga Sentro ng Pagboto mula 9:00a.m. hanggang 5:00p.m. sa lahat ng araw ng maagang pagboto. Maaaring kumpirmahin ng mga botante ang mga oras at lokasyon ng pagboto bago pumunta sa pamamagitan ng pagbabasa sa kanilang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County, packet para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, pagtawag sa (707) 565-6800, o sa website ng ROV. Ang lahat ng Sentro ng Pagboto ay bukas nang 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Ang lahat ng lokasyon ng Drop Box para sa Balota ay bukas 28 araw bago ang bawat halalan, bukas nang 24 na oras hanggang sa Araw ng Halalan, at nakakandado na nang 8p.m. sa Araw ng Halalan.

Kapag ibinalik na sa opisina ng ROV ang mga balota, sisimulan ang pagsusuri sa lagda ng mga opisyal na balota, na kasing aga ng 28 araw bago ang Araw ng Halalan. Sinusuri ang lagda sa bawat ibinabalik na balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo kumpara sa lagda ng botante sa kanyang pagpaparehistro ng botante at anumang sumusuportang dokumento. Hindi ipagpapatuloy ang pagkuha o pagproseso sa balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo hangga't hindi natitingnan ng ROV kung tugma ang lagda. Ang lahat ng may problema sa balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, gaya ng hindi tugmang lagda, ay kinakailangang masuri ng Pangasiwaan. Kung hindi nakalagda ang botante, o kung hindi tumutugma ang kanyang lagda, makikipag-ugnayan sa botante sa pamamagitan ng mail upang iwasto ang isyu bago ang sertipikasyon ng halalan.

2. *Naa-access na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo*
   Maaaring i-access ng mga botanteng may mga kapansanan ang online na programa sa pagmamarka ng balota sa Remote na Naa-access na Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (RAVBM) sa pamamagitan ng pagsagot sa aplikasyon sa website ng ROV o sa pamamagitan ng pagsagot sa aplikasyon sa likod ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County. Kapag nakapagsagot

at nakapagsumite na ng aplikasyon ang mga botante, ipadadala ng ROV ang file ng impormasyon ng botante sa Dominion Voting System na nagho-host sa RAVBM na platform ng ROV, at makatatanggap ang botante ng email na may tagubilin sa botante kung paano magpapatuloy. Pagkatapos nito ay sasabihin sa mga botante sa email kung paano makukuha ang kanilang packet ng balota, batay sa kanilang address ng tirahan, at magagawa nilang mag-navigate sa elektronikong balota gamit ang keyboard, mouse, touchscreen, o mga sarili nilang assistive device. Kapag natapos na ng botante ang pagmamarka sa kanyang balota, magkakaroon siya ng opsyong suriin ang kanyang mga napili. Kapag pinal na ang mga napili niya, dapat i-print ng botante ang balota at ipadala ito gamit ang asul na sobre sa pagbabalik na ipinadala sa kanya, ang pamalit na sobreng makukuha sa Opisina ng ROV, o sa alinmang Sentro ng Pagboto, o napi-print na template ng sobre na makukuha online, na kasama sa mga tagubilin.

3. *Mga Sentro ng Pagboto*
   Ang sinumang kwalipikadong residente ng County ng Sonoma ay maaaring bumisita sa alinmang Sentro ng Pagboto simula sa 10 araw bago ang Araw ng Halalan upang:
   - Personal na bumoto
   - Kumuha ng pamalit na balota para sa sarili o para sa ibang tao (kinakailangan ang karagdagang form na awtorisasyon sa pagkuha at mayroon nito sa Opisina ng ROV, o maaari itong i-email sa botante, o ang nilagdaang pahayag mula sa botante) Pini-print ang opisyal na pamalit na balota gamit ang isang Mobile Ballot Printer, na certified ng Kalihim ng Estado.
   - Ihulog ang may boto nang balota sa VBM
   - Gumamit ng naa-access na device sa pagmamarka ng balota na tinatawag na ImageCast X (ICX), na mayroong touch screen, braille keypad, audio sa English, at input para sa paggamit ng assistive technology device gaya ng mga paddle o sip at puff (dapat ay mayroong sariling assistive technology ang botante).
   - Tumanggap ng tulong sa mga wikang bukod sa English
   - Magparehistro upang bumoto sa unang pagkakataon, o mag-update ng pagpaparehistro ng botante gamit ang May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante (Conditional Voter Registration, CVR). Ang lahat ng may boto nang balota sa CVR ay ilalagay sa pink na sobre ng balota upang maproseso sa opisina ng ROV sa panahon ng pagbibilang ng boto.

   Makakapunta ang mga botante sa alinmang lokasyon upang makakuha ng kanilang wastong uri ng balota. Ang mga Sentro ng Pagboto ay bukas nang hindi bababa sa 8 oras kada araw sa panahon ng maagang pagboto, mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., at ang lahat ng Sentro ng Pagboto ay bukas nang 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

Ang mga botante ay chine-check in ng mga manggagawa sa botohan sa pamamagitan ng ligtas na portal upang ma-access ang file ng botante. Kung naibalik na ng botante ang balota (nasuring “tama” ang lagda), hindi na siya makakakuha ng pamalit na balota. Kung hindi pa naibalik ang balota, o ibinalik ito nang “may problema”, maaaring kumuha ng pamalit na balota ang botante, na magpapawalang-bisa sa anumang iba pang balotang naibigay sa botanteng iyon. Kapag naibalik na ang isang balota sa anumang paraan, nang personal o sa pamamagitan ng paggamit ng kanyang balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, awtomatikong mawawalan ng bisa ang anumang iba pang balota.

Hindi kakailanganin ng karamihan ng mga botante na magbigay ng pagkakakilanlan kapag bumoto sila nang personal. Mangyaring bumisita sa website ng Kalihim ng Estado para sa higit pang impormasyon, kabilang ang listahan ng tinatanggap na pagkakakilanlan.

Ang lahat ng pagbotong isinasagawa sa mga Sentro ng Pagboto ay sumusunod sa mga panseguridad na pamantayan ng Kalihim ng Estado, mga panseguridad na pamamaraan ng ROV, at mga regulasyon sa Elections Code ng California at Mga Pamamaraan sa Paggamit ng System sa Pagboto ng California. Kabilang dito ang, pero hindi limitado sa, pagtiyak na ang lahat ng kagamitan sa Sentro ng Pagboto ay isinasarado, itinatago, inihahatid at ginagamit nang alinsunod sa mga regulasyong ito. Dagdag pa rito, kinakailangan sa aming mga kasalukuyang pamamaraan na naroroon ang karamihan ng mga manggagawa sa halalan kapag nagbukas ang site.

Ang lahat ng may boto nang balota ay ibabalik kinagabihan sa opisina ng ROV, kasama ng mga roster sheet na naglalaman ng mga lagda ng botante at mga hindi nagamit na balota. Ang blangkong balotang papel ay maayos na itinatabi nang magdamag sa Sentro ng Pagboto.

Ginagawa ang lahat ng pagbibilang sa opisina ng ROV. Walang tabulator sa alinmang Sentro ng Pagboto. Ang lahat ng botante ay dapat maghulog ng na-print na balotang papel.

Sa ilalim ng mga iniaatas sa system ng pagboto ng California, dapat ay de-baterya ang lahat ng certified na kagamitan kung sakaling mawalan ng kuryente. Magkakaroon ng cell phone sa lahat ng lokasyon. Makatatanggap ang Tagapagpatupad ng Batas ng listahan ng lahat ng lokasyon ng Sentro ng Pagboto. Ang bawat Sentro ng Pagboto ay bibigyan ng mga pamamaraang pang-emergency at ng manual ng tagubilin para sa pagpapatakbo ng Sentro ng Pagboto at pagproseso ng mga botante.

Sisikapin kaagad ng ROV na malutas ang anumang pagkaantala sa Sentro ng Pagboto, at magkakaroon ng sariling tagaresponde ang bawat pagkaantala. Sa pangkalahatan, kung maaantala ang isang Sentro ng Pagboto, kaagad na

iaatas ng ROV sa mga kawani na idirekta ang mga botante papunta sa ibang mga Sentro ng Pagboto, at aabisuhan ang lokal na pulisya, ang opisina ng Kalihim ng Estado, at ia-update ang media upang matiyak na maipagbibigay-alam ito sa mga botante. Kung mayroong kalamidad o magkakaroon ng iba pang kaguluhan na makakaapekto sa pisikal na lokasyon ng Sentro ng Pagboto o Drop Box para sa Balota, magkakaroon ng mga karagdagang abiso, karatula at kawani upang idirekta ang mga botante papunta sa alternatibong lokasyon. Kung dapat itigil ang lahat ng aktibidad sa isang Sentro ng Pagboto, kaagad na ise-secure ng mga kawani ang kagamitan sa pagboto ng Sentro ng Pagboto na iyon at itatala ang lahat ng materyal sa pagboto alinsunod sa Election Code ng California at sa mga alituntunin sa Pagmanupaktura at Pagkumpleto ng Balota. Sisikapin ng ROV na magbukas ng pamalit na Sentro ng Pagboto at gamitin ang lahat ng mapagkukunang naaangkop upang maabisuhan ang publiko tungkol sa pagbabago.

Kung may anumang kagamitan na ninakaw o lumalabas na pinakialaman sa alinmang Sentro ng Pagboto, maghahatid ng pamalit na kagamitan. Malulugi ang County ng Sonoma sa nanakaw na kagamitan pero hindi nito mailalagay sa panganib ang integridad ng halalan. Walang impormasyon ng botante ang maiiwan sa alinmang laptop sa pag-check in at kakailanganin ng multi-factor na pag-authenticate upang makagawa ng anumang pagbabago sa naa-access na device sa pagmamarka ng balota o mobile ballot printer.

Gagamit ng mga gabay na layout upang matiyak na maipupuwesto ang mga booth sa pagboto at naa-access na device sa pagmamarka ng balota sa lugar kung saan mamamarkahan ng botante ang kanyang balota nang mag-isa at pribado. Isasaalang-alang sa mga layout ang mga pangangailangan sa accessibility ng mga botante, at isasaayos ito upang umakma sa iba't ibang hugis at laki ng kwarto ng bawat lokasyon. Makikita sa Appendix E ang sampol na layout.

Pinag-aralan ng ROV ang pangangailangan ng mga Mobile na Sentro ng Pagboto, at kung sakaling magkakaroon ng sakunang gaya ng sunog o baha, makikipagtulungan ito sa Namamahala sa Emergency upang tiyakin ang pagtatayo ng mga tent, kung kinakailangan. Sa pamamagitan ng grant, bumili ang ROV ng mga backup na generator na maaaring mag-supply ng kuryente sa pansamantala o pang-emergency na lokasyon ng Sentro ng Pagboto, kung kinakailangan. Patuloy na susuportahan ng ROV ang pagbabalik ng mga balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, mga drop box, teknikal na suporta, pag-uuri ng mga hamon sa Sentro ng Pagboto, at pagbibigay ng serbisyo sa customer sa opisina sa panahon ng bawat halalan.

Makikita sa Appendix G ang listahan ng mga kumpirmadong lokasyon ng Sentro ng Pagboto na mayroong mga oras ng pagpapatakbo. Maaaring makita sa Appendix I ang mga mapa ng Sentro ng Pagboto.

Makikita sa Plano ng Seguridad at Pagkilos sa Halalan ang higit pang impormasyon sa seguridad ng ROV at Sentro ng Pagboto (na ibabalangkas kapag na-secure na ang mga lokasyon).

4. *Mga Drop Box para sa Balota*
   Ang sinumang botante sa buong estado ay maaaring maghulog ng kanilang may bota nang balota sa alinmang lokasyon ng Drop Box para sa Balota sa estado sa mga inilathala nitong oras ng operasyon. Walang pamalit na balota sa mga lokasyon ng Drop Box para sa Balota. Makakapagbalik lang ang mga botante ng mga balota sa mga lokasyong ito sa mga oras ng mga operasyon ng mga lokasyon, gaya ng inilathala sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County, packet para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, at sa website ng ROV. Mayroong 24 na oras na drive-thru na ballot box sa opisina ng ROV sa 435 Fiscal Drive, sa Santa Rosa.

   Makikita sa Appendix H ang listahan ng mga kumpirmadong lokasyon ng Drop Box para sa Balota na may mga oras ng operasyon nito. Makikita sa Appendix I ang mga mapa ng Drop Box para sa Balota.

D. Pagsasanay sa Mga Kawani ng Sentro ng Pagboto (Manggagawa sa Botohan)

Ang lahat ng Kawani, kabilang iyong mga nagtatrabaho sa mga Sentro ng Pagboto, at nagbibigay ng suportang teknikal at suporta sa pagsunod, ay magkakaroon ng pagsasanay sa pagpapatakbo ng kagamitan sa pagboto, pag-set up ng Sentro ng Pagboto, pagtulong at pagproseso sa mga botante, pag-secure sa mga sensitibong kagamitan sa bawat gabi ng pagboto, at sa mga wastong pamamaraan kung sakaling magkaroon ng emergency.

Nagsagawa ang ROV ng online na pagsasanay sa mga manggagawa sa botohan para sa halalan noong Nobyembre 2020, gayundin para sa espesyal na halalan noong Marso 2, 2021, at napag-alaman nito na isang matagumpay na tool ang online na pagsasanay para sa pagsasanay ng mga manggagawa sa botohan, at maaaring pag-isipan nito ang pagsasagawa ng maraming online na pagsasanay sa mga halalan sa hinaharap.

IV. <u>MGA AKTIBIDAD PAGKATAPOS NG HALALAN – Maaaring mag-obserba ang publiko sa anumang proseso ng halalan</u>

A. Pagbibilang ng Boto – Pagboto sa pamamagitan ng Koreo

Sisimulan ng ROV ang pagproseso ng mga ibinalik na balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, na kinabibilangan ng pagkuha at pagsusuri ng opisyal na balota mula sa sobre sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, at pag-duplicate ng mga nasirang balota, kung kinakailangan, sa lalong madaling panahon na pinapayagan ng batas. Ang mga balotang naibalik at na-validate bago sumapit ang Biyernes bago ang Araw ng Halalan ay isasama sa mga inisyal na resulta ng gabi ng halalan na ilalabas ilang sandali pagkatapos ng 8:00 pm.

Ang bawat ibinalik na balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo ay ipoproseso sa pamamagitan ng sorter ng mail na nagsisimula sa proseso ng pagkumpirma sa lagda. Sa prosesong ito, kukunan ng larawan ang sobre kung nasaan ang lagda ng botante para mapagkumpara ng mga kawani ang lagda sa sobre at lagda sa pagpaparehistro ng botante o iba pang sumusuportang dokumentasyon. Kung makakalimutan ng botante na lumagda sa kanyang sobre sa pagbabalik o kung hindi tumutugma ang lagda sa file ng botante, magpapadala sa botante ng sulat at form na humihiling ng na-update na lagda.

Kapag natukoy na wasto ang lagda, ia-update ang status ng botante at makikita ito sa Vote by Mail Ballot Lookup. Pagkatapos nito, dadalhin ang mga sobre ng balota sa warehouse ng site kung saan kukunin ng mga tauhan ang mga balota mula sa mga sobreng may pagkakakilanlan gamit ang naka-automate na proseso, para maprotektahan ang privacy ng botante. Pagkatapos kunin sa sobre, dadalhin ang mga balota sa kwarto sa pagproseso kung saan susuriin ng mga pangkat ang mga balota kung may sira ito at ihahanda ang mga ito para sa pagbibilang. Ang mga sirang balota na hindi mabibilang sa pamamagitan ng mga tabulator ay gagawan ng kopya ng mga pangkat na binubuo ng dalawang tao. Mamarkahan ang mga ito nang magkasunod bilang “duplicate ballot #X” at “original ballot #X” at pananatilihin ang mga ito kasama ng iba pang materyal sa halalan para sa kinakailangang panahon ng pagpapanatili.

Pagkatapos iproseso, ipadadala ang mga ballot card sa mga tabulator. Maaaring ipadala ang mga na-scan na larawan ng balota sa pangkat sa pagpapasya kung saan susuriin ng mga pangkat na binubuo ng dalawang tao ang mga larawan ng balota upang matukoy ang layunin ng botante sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga malabong marka, oval na hindi maayos na na-punan, at mga isinulat. Ang sinumang kwalipikadong isinusulat na kandidato ay ipapasok sa program sa pagpapasya bago simula ang pagproseso/pagpapasya sa balota at makikita siya sa drop-down na kahon para sa pagpili ng naaangkop na kandidato ng pangkat sa pagpapasya. Kung may tanong sa isang partikular na balota na nangangailangan ng mas mataas na antas ng pagsusuri, “iku-quarantine” ng pangkat sa pagpapasya ang balota. Pagkatapos nito ay susuriin ng Coordinator ng Mga Information System ng Departamento ang mga naka-quarantine na balota para sa panghuling desisyon.

Pagkatapos ng tabulation, iiimbak ang mga balotang papel sa isang ligtas na kuwarto na mayroong mga surveillance camera na 24 na oras na gumagana at maaaring suriin ang mga ito sa anumang oras sa panahon ng pagpapatibay o muling pagbibilang.

Sinisikap nang mabuti ng ROV na maprotektahan ang integridad ng proseso ng pagboto habang tinitiyak ang katumpakan at pagkapribado ng botante. Kailangan ng oras upang matiyak na naghulog ang bawat kwalipikadong mamamayan ng isang balota sa bawat halalan; pana-panahong ina-update ang mga resulta sa buong panahon ng pagbibilang. Maaaring tingnan ng mga botante ang status ng

kanilang balota sa webpage na My Voter Status Lookup o pag-sign up para sa pagsubaybay sa balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov.

B. Pagbibilang - Mga Sentro ng Pagboto

Bawat gabi, ibabalik ng mga kawani ng Sentro ng Pagboto ang mga inilaang materyal sa kanilang nakatalagang Sentro ng Pagtanggap. Kokolektahin ng mga kawani ng Sentro ng Pagtanggap ang mga materyal mula sa mga manggagawa sa botohan, at titiyakin nilang naitala ang lahat. Pagkatapos, ibabalik ng mga kawani ng Sentro ng Pagtanggap ang mga materyal mula sa kanilang mga nakatalagang Sentro ng Pagboto papunta sa Opisina ng ROV. Chine-check in at itinatala ng mga kawani ng ROV ang lahat ng may asul na label na bag na naglalaman ng mga ibinalik na balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo, A-box na naglalaman ng mga personal na balota, may pink na label na bag na naglalaman ng May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante at Pansamantalang balota (mga pink na sobre), may dilaw na label na bag na naglalaman ng mga hindi nagamit na balota at isinauling balota sa VBM, at may puting label na bag na naglalaman ng lahat ng pang-araw-araw na roster, pandagdag na roster at roster sa pagboto sa curbside at anumang nakumpletong card sa pagpaparehistro ng botante. Ang anumang bag na nawawala ay iuulat sa Lead Storekeeper. Kasama sa mga may boto nang balota sa Sentro ng Pagboto sa A box ang nakumpletong Patunay ng Packaging at Pagsasarado upang makumpirma ang chain of custody. Walang personal na impormasyon ng botante ang iiwan nang magdamag sa mga Sentro ng Pagboto.

Bawat Gabi, ipoproseso ng ROV ang lahat ng personal na balota mula sa mga Sentro ng Pagboto. Kung dapat iulat ng Sentro ng Pagboto na labis nang napupuno ang kanilang regular na kahon para sa personal na minarkahang balota, maghahatid ang Field Support Officer ng karagdagang kahon ng balota at naka-serialize na kahon sa Sentro ng Pagboto, upang tiyaking ligtas ang lahat ng personal na minarkahang balota.

Pangunahing pinoproseso ang mga balota sa May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante at pansamantalang balota sa Sentro ng Pagboto o sa opisina ng ROV sa pamamagitan ng pagkumpirma sa pagiging kwalipikado ng botante. Kapag nakumpirma na, ia-update ang pagpaparehistro ng botante, kukunin, ipoproseso at bibilangin ang balota katulad ng lahat ng iba pang balota. Isasama ang mga balotang ito sa mga pinal na opisyal na resulta.

C. 1% Mano-manong Pag-tally

Upang matiyak na wasto ang pagbibilang ng mga scanner ng balota, magsasagawa ang ROV ng mano-manong pagta-tally sa 1% ng lahat ng pagbobotohang presinto sa County ng Sonoma. Random pinipili ang mga presinto sa araw pagkatapos ng Araw ng Halalan. Nagsasagawa ng mano-manong pag-tally para sa mga balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo at Sentro ng Pagboto na binibilang hanggang sa Araw ng Halalan. Sinasaliksik din ng ROV ang

proseso at pagiging posible ng paggamit ng mga pag-audit na may limitadong panganib bilang opsyon sa hinaharap, sa halip na ang 1% Mano-manong Pag-tally.